



Ama Namin

Ayon sa Kristyanismo, ang **Ama Namin**^[1] (Gryego: **Πατέρα μας**^[2]; Latin: **Pater Noster**, binabaybay ding **Paternoster**^[3]) ay ang dasal na turo ni Hesus ng Nazrat, o Hesus ng Nazaret.^[3] Ito ang pinakakilalang panalanging Kristiyano, na itinuro ni Hesus sa kaniyang mga alagad. Kilala rin ito bilang **Panalangin ng Panginoon**.^[3] Ginagamit ito sa halos lahat ng mga serbisyong Kristiyano, at pangunahing hinango mula sa biblikal na Sermon sa Ibabaw ng Bundok.^[3] Bahagi rin ang dasal na ito ng pagrorosaryo.^[4]

Nilalaman ng dasal

Binubuo ang *Ama Namin* ng mga sumusunod na mga linya:

Bersiyong Tagalog at Griyego

Tagalog

Ama Namin, sumasalangit ka.

Sambahin ang ngalan mo.

Griyego

Πάτερ ἡμῶν ὁ ἐν τοῖς οὐρανοῖς·

ἁγιασθήτω τὸ ὄνομά σου·



Ang Sermon sa Ibabaw ng Bundok, iginuhit ni Carl Heinrich Bloch.

Mapasaamin ang kaharian mo,

ἐλθέτω ἡ βασιλεία σου·

Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit.

γενηθήτω τὸ θέλημά σου, ὡς ἐν οὐρανῷ καὶ ἐπὶ τῆς γῆς·

Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw,

τὸν ἄρτον ἡμῶν τὸν ἐπιούσιον δὸς ἡμῖν σήμερον·

At patawarin mo kami sa aming mga sala,

καὶ ἄφες ἡμῖν τὰ ὀφειλήματα ἡμῶν,

Para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin

ὡς καὶ ἡμεῖς ἀφίεμεν τοῖς ὀφειλέταις ἡμῶν·

At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso,

καὶ μὴ εἰσενέγκης ἡμᾶς εἰς πειρασμόν,

At iadya mo kami sa lahat ng masama.

ἀλλὰ ῥῦσαι ἡμᾶς ἀπὸ τοῦ πονηροῦ.

Siyana/Amen.

Αμήν.

Hango ito sa Ebanghelyo ni San Lukas (Lukas 11:2–4), batay sa nasa *BibleGateway.com*:

"Sinabi ni Jesus sa kanila: Kung mananalangin kayo, sabihin ninyo: Aming Ama na nasa langit, pakabanalin ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong paghahari. Mangyari ang iyong kalooban, kung papaano sa langit, maging gayundin sa lupa. Ibigay mo sa amin ang kailangan naming tinapay sa bawat araw. Patawarin mo kami sa mga pagkakasala namin. Ito ay sapagkat kami rin ay nagpapatawad sa bawat isang may utang sa amin. Huwag mo kaming dalhin sa tukso, subalit iligtas mo kami mula sa masama."^[5]

Laman ng panalanging ito ay papuri (*adoration*), paghingi ng kapatawaran (*contrition*), pasasalamat (*thanksgiving*), at paghingi ng patnubay (*supplication*) sa Diyos na makapangyarihan sa lahat.

Ganito ang bersiyon sa Tagalog batay sa pagsasalin ni Msgr. Jose C. Abriol:

"Winika niya (ni Hesus) sa kanila, 'kung kayo'y mananalangin, sabihin ninyo: Ama, sambahin ang ngalan mo; mapasa amin ang kaharian mo. Bigyan mo kami ng aming kakanin sa araw-araw; at patawarin mo kami ng aming mga kasalanan, sapagkat pinatatawad namin ang tanang nagkakautang sa amin, at huwag mo kaming pabayaang mahulog sa tukso.'"^[6]

Ganito naman ang mula sa *Ang Dating Bibliya* ng 1905:

"At sinabi niya sa kanila, Pagka kayo'y nagsisipanalangin, inyong sabihin, Ama, Sambahin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo. Ibigay mo sa amin arawaraw ang aming pangarawaraw na kakanin. At ipatawad mo sa amin ang aming mga kasalanan; sapagka't aming pinatawad naman ang bawa't may utang sa amin. At huwag mo kaming ihatid sa tukso."^[7]

Ganiri ang galing sa Bagong Magandang Balita Biblia ng *AngBiblia.net*:

Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kung kayo'y mananalangin, sabihin ninyo, 'Ama, sambahin nawa ang iyong pangalan. Nawa'y maghari ka sa amin. Bigyan mo kami ng aming kakainin sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, sapagkat pinapatawad namin ang bawat nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming hayaang matukso.'"^[8]

Bersiyon sa wikang Galilea

Avvon d-bish-maiya, nith-qaddash shim-mukh.

Tih-teh mal-chootukh. Nih-weh ciw-yanukh:

ei-chana d'bish-maiya: ap b'ar-ah.

Haw lan lakh-ma d'soonqa-nan yoo-mana.

O'shwooq lan kho-bein:

ei-chana d'ap kh'nan shwiq-qan l'khaya-ween.

Oo'la te-ellan l'niss-yoona:

il-la paç-çan min beesha.

Mid-til de-di-lukh hai mal-choota l'alam al-mein. Aa-meen.

Bersiyong Ingles at Tagalog

Halaw ang bersiyong ito mula sa Mateo 6:9-13 ng *Revised Standard Version of the Bible*.^[3]

Our Father who art in heaven,

Hallowed be thy name

Thy kingdom come,

Thy will be done,

*on earth as it is in heaven.
Give us this day our daily bread;
And forgive us our debts,
As we also have forgiven our debtors;
And lead us not into temptation,
But deliver us from evil. Amen.*

Pinapalitan ang salitang "*debts*" ng "*trespasses*" sa ibang bersiyon sa Ingles, samantalang napapalitan ang linyang "*As we also have forgiven our debtors*" ng "*As we forgive those who trespassed against us.*" Karaniwan ding idinadagdag ang pariralang "*For Thine is the kingdom and the power and the glory forever*" na nangangahulugang "Sapagkat sa Iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian magpasawalanghanggan."^[3]

Ganito ang katumbas nito sa Bibliyang Tagalog na salin ni Jose C. Abriol, mula rin sa Mateo 6: 9-13:

*Ama namin, sumasalangit ka,
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasa amin ang kaharian mo,
Sundin ang loob mo,
Dito sa lupa para ng sa langit.
Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga utang,
Para ng pagpapatawad namin sa mga nagkakautang sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso
Bagkus iadya mo kami sa masama.*^[6]

Mga bahagi at mga paliwanag

Nagmula kay San Agustin (sa kanyang *Liham kay Proba*) ang sumusunod na mga paliwanag hinggil sa napiling mga bahagi ng *Ama Namin*:^[9]

Sumasalangit ka

Sa pariralang ito nasasasaad ang pagka-Amang makalangit ng ating Yahweh El Shaddai. Siya na naghahari sa langit ay nagsugo ng kanyang anak upang tayo ay iligtas. Ipinapakita ni Hesus ang kanyang ama sa atin sa pamamagitan ng kanyang sarili. Kaya sa bawat parirala ng Ama Namin, tayo ay nakikibahagi sa misteryo ni Yahweh.

Mapasaamin ang kaharian mo

Sa pagbanggit ng *mapasaamin ang kaharian mo* (o *your kingdom come* sa Ingles), ipinaaalala sa tao na tiyak ang pagdating ng kaharian ng Diyos, subalit pinasisigla ng pariralang ito ang pagnanais ng mga nananalig sa kahariang ito. Upang nang sa gayon, dumating ito sa tao na nararapat ang taong mamuhay sa loob nito.^[9]

Sundin ang loob mo

Kapag sinasambit ang *sundin ang loob mo, dito sa lupa para ng sa langit*, hinihiling ng tao sa Diyos na maging masunurin nawa ang tao o sarili ng tao upang masunod ang kagustuhan ng Diyos sa *loob* ng tao, katulad ng ginagawa ng mga anghel sa kalangitan.^[9]

Bigyan mo kami

Kapag sinasabi ang *bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw*, pinakakahulugan dito ang "sa mundong ito". At humihingi tayo ng pagiging sapat at ginagamit ang *kakanin* (*bread* sa Ingles) upang sumagisag para sa lahat ng bagay.^[9]

Patawarin mo kami

Sa pagsasabi ng *patawarin mo kami sa aming mga sala, para ng pagpapatawad namin sa mga nagkakautang sa amin*, ipinaaalala ng tao sa kanyang sarili kung ano ang kailangan niyang hingin at kung ano ang dapat niyang gawin upang maging nararapat sa pagtanggap.^[9]

Huwag ipahintulot sa tukso

Kapag sinasabi naman ang *huwag mo kaming ipahintulot sa tukso*, pinapaalala ng tao nahindi maaaring lumisan sa kanya ang tulong na ito. Kapag nawala ito, maaari siyang mabulid at pumayag sa isang tentasyon at mabuyo rito.^[9]

Iadya mo kami

Sa pagbanggit ng *iadya mo kami sa masama*, ipinaaalala ng tao sa sarili na magmuni sa katotohanang hindi pa niya ikinasisiya ang katayuan ng pagiging isang banal kung saan hindi na siya maghihirap sa ilalim ng kasamaan. Sa kahilingang ito, maaaring sambitin ng isang Kristiyano ang kanyang pagtangis, at sa pamamagitan nito maaari siyang magsimula, magpatuloy, at wakasan ang kanyang dalangin, anuman ang suliraning kinatatagpuan niya sa kanyang sarili.^[9]

Sa kulturang popular

Noong Hulyo 2023, nagdulot ng kontrobersiya ang isang video na gawa ni dating kalahok ng *Drag Den* at *drag queen* na si Pura Luka Vega, kung saan nakadamit siya bilang si Hesus at sumayaw sa isang *punk rock* na *cover* ng Ama Namin. Itong video ay kinondena ng ilang mga pulitiko at ng Kapulungan ng mga Katolikong Obispo ng Pilipinas.^[10]

Mga sanggunian

- Landsnes, David G. (para sa “Aba Ginoong Maria sa 404 na mga wika” ng Ordine Equestro del San Sepolcro di Gerusalemme, Milano, 1931), Aquinas Duffy (para sa Aba Ginoong Maria at Luwalhati), at Wolfgang Kuhl (para sa Tanda ng Krus, Aba Po Santa Mariang Hari at Sumasampalataya Ako). Mga Dasal na nasa Wikang Tagalog, Tagalog (Filipino, Pilipino), Christus Rex, Inc., christusrex.org (<http://www.christusrex.org/www1/pater/JPN-tagalog.html>), kinuha noong 26 Pebrero 2008
- Mula sa Bibliya: Lukas 11.1–4 (<http://www.holybible.gr/ilos/kainh/kataloukan/louk1115.htm>), teksto sa Griyego
- "Lord's Prayer, Our Father, Pater Noster, at Paternoster". *The New Book of Knowledge (Ang Bagong Aklat ng Kaalaman)*, *Grolier Incorporated*. 1977.
- "Maliit na Dasalan ng Pagrorosaryo" (<https://web.archive.org/web/20080326232511/http://www.preghiereagesuemaria.it/sala/block%20rosary.htm>). Inarkibo mula sa orihinal (<http://www.preghiereagesuemaria.it/sala/block%20rosary.htm>) noong 2008-03-26. Nakuha noong 2008-02-26.
- Ama Namin (<http://www.biblegateway.com/passage/?search=Lucas%2011;&version=43;>), BibleGateway.com
- Abriol, Jose C. (2000). "Mateo 6: 9-13". *Ang Banal na Biblia, Natatanging Edisyon, Jubileo A.D.* Paulines Publishing House/Daughters of St. Paul (Lungsod ng Pasay) ISBN 9715901077.
- Ama Namin (<http://adb.scripturetext.com/luke/11.htm>), mula sa Ang Dating Biblia (1905)
- Ama Namin (<http://angbiblia.net/lucas11.aspx>), AngBiblia.net
- Mga paliwanag na nasa *Our Father... (Matthew 6:7-15)*, *Thursday, Hunyo 18, Meditations, Hunyo 2009*, *The Word Among Us* (<http://wau.org/>) *Naka-arkibo* (<https://web.archive.org/web/20090804030258/http://wau.org/>) 2009-08-04 sa *Wayback Machine.*, *Daily Meditations for Catholics*, pahina 38.

10. "Zubiri says 'Ama Namin' drag video 'blasphemous'; CBCP won't file complaint" (<https://news.abs-cbn.com/news/07/13/23/zubiri-says-ama-namin-drag-video-blasphemous-cbcp-wont-file-complaint>). *ABS-CBN News and Current Affairs*. July 13, 2023. Nakuha noong July 13, 2023.
-

Kinuha sa "https://tl.wikipedia.org/w/index.php?title=Ama_Namin&oldid=2168889"